## Kuwento 4 : Ang Handog ng Balo

Talata sa Bibliya [Marcos 12:43]

Tinawag ni Jesus ang kanyang mga alagad at sinabi sa kanila, "Sinasabi ko sa inyo, ang inihandog ng biyudang iyon ay higit na marami kaysa sa inihulog nilang lahat.


Isang araw, si Hesus at ang kaniyang mga alagad ay bumisita sa templo.
Naupo si Hesus sa tapat ng pinaglalagyan ng mga handog at pinagmasdan ang mga taong naglalagay ng kanilang pera sa kabang-yaman ng templo.
Kabilang sa mga tao ang isang mayamang lalaki na buong pagmamalaking lumapit.
Binuksan ng mayamang lalaki ang kaniyang pitaka at kinuha ang kaniyang pera sa harap ng mga tao.
Pagkatapos ay naglagay siya ng kaunting pera sa kabang-yaman ng templo.
Pagkaraan ng mayamang lalaki, isang mahirap na balo na nakasuot ng gulanit na damit ay pumunta sa harap ng kabang-yaman ng templo. Bagama't maraming tao, walang pumapansin sa kanya.
Inilagay ng balo ang kanyang dalawang napakaliit na baryang tanso sa kabang-yaman ng templo.
Ang kanyang alay ay nagkakahalaga lamang ng 20~30 sentimo, ito ay tunay na napakaliit.
Nang marinig ng mga tao na tumunog ang mga barya sa kabang-yaman ng templo, pinagtawanan nila ang mahirap na balo.
Ngunit, mayroong isa na nanonood ng tahimik. Ito ay si Hesus.
Tinawag niya ang kaniyang disipulo, sinabi ni Hesus: "Ang mahirap na balo na ito ay nagbigay ng mas malaking halaga kaysa sa binigay ng mayamang lalaki.'"
Nagtanong ang mga Disipulo: "Ano po ang iyong tinutukoy? Ang mayamang lalaki ay nagbigay ng malaking halaga sa Diyos habang ang balong iyon ay naghandog lamang ng dalawang baryang tanso."
Sumagot si Hesus, "Ibinigay ng mayaman ang kanyang kayamanan, ngunit siya, mula sa kanyang kahirapan,
inilagay ang lahat - lahat ng kailangan niya upang mabuhay.
" Hindi tumitingin ang Panginoon sa panlabas na kaanyuan. Hindi tinitingnan ng Panginoon kung gaano karami ang ating inihandog.
Sapagkat interesado ang Diyos sa kung gaano katapat ang pagmamahal natin sa Kanya.



**Gawain 1.** Pag-isipan ang natutunan natin ngayon at kulayan ang larawan sa ibaba.



- Sundan at isaulo ang talata sa Bibliya. (Marcos 12:43)



Ang inihandog ng biyudang iyon ay higit na marami

**Gawain 2.**

Ang mahirap na biyuda ay naghandong ng buong puso.
Anong uri ng handog ang kaya mong ibigay sa Panginoon?
Iguhit mo sa loob ng basket ang iyong handog.

